Sinikap naming matiyak ang pagiging madaling paggamit (usability) at pag-access (accessibility). Kapag nakakaranas ka ng mga isyu sa pag-access, mangyaring makipag-ugnay sa engagement@ndiscommission.gov.au.

SAFEGuard
Quarterly Newsletter

**Isyu 5: Tag-init 2021**

# Isang newsletter para sa mga taong may kapansanan, iyong mga kaibigan, pamilya, tagapagtaguyod at ang komunidad.

*Mangyaring ibahagi ang newsletter na ito sa mga taong may kapansanan sa iyong ugnayan (network) – halimbawa, kung ikaw ay isang tagapagbigay ng NDIS o manggagawa na sumusuporta sa isang taong may kapansanan, o isang tagapagtaguyod, katiwala, kaibigan o miyembro ng pamilya ng isang taong may kapansanan.*

## Pandaigdigang Araw ng mga Taong may Kapansanan (International Day of People with Disability)

Tuwing Disyembre, ang Pandaigdigang Araw ng mga Taong may Kapansanan ay ginaganap sa buong mundo, na ipinagdiriwang ang mga kontribusyon at tagumpay ng mga taong may kapansanan at nagtataguyod ng kamalayan, pagkakaunawaan at pagtanggap.

Ang paksa ng mga pagdiriwang sa taong ito ay ‘Pamumuno at pakikilahok ng mga taong may kapansanan patungo sa isang napapabilang, madaling magamit at napapanatiling mundo pagkatapos ng COVID-19’.

Ang NDIS Commission ay nagtatrabaho upang matiyak na ang mga kalahok ng NDIS ay nakatatanggap ng mga ligtas at kalidad na suporta at serbisyo mula sa mga kwalipikadong tagapagbigay, kahit saan sila nakatira sa Australya. Ang kontribusyon at pamumuno ng mga taong may kapansanan ay kritikal sa trabahong ito.

Nakikipag-ugnayan kami sa mga taong may kapansanan sa bawat bahagi ng aming ginagawa, at ang iyong mga karanasan at pananaw ay nag-aabiso sa aming mga patakaran at pamamaraan at nagpapatakbo sa aming mga pagsisikap para sa patuloy na pagpapabuti. Kami ay umiiral upang itaguyod ang kalusugan, kaligtasan at kabutihan ng mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng paggamit ng mga kaagamitang nasa ilalim ng mga Batas at Tuntunin ng NDIS upang turuan at pangasiwaan ang mga tagapagbigay ng nararapat. Ang

Code of Conduct at lahat ng aming mga pamantayan ay nakasulat sa pamamagitan ng karanasan ng mga taong may kapansanan.

Mula sa paggawa mo ng isang reklamo tungkol sa isang suporta o serbisyo na natanggap mo mula sa isang tagapagbigay, hanggang sa paglahok mo sa aming mga aktibidad sa pakikipagtulungan sa pagdisenyo at pakikipag-ugnayan – ang iyong mga karanasan at pananaw ay humuhugis sa paraan ng aming pangangasiwa sa mga tagapag-bigay, paano at ano ang aming ipapabatid, at ang mga mapagkukunang binubuo namin para sa mga taong may kapansanan at ang mga tagapagbigay at manggagawang sumusuporta sa kanila.

Alam namin, mula sa iyong puna at mga karanasan na ang pandemyang COVID-19 ay naging lubos na mapaghamon sa maraming taong may kapansanan. Sa panahong ito, kami ay tumugon at patuloy na tumutugon sa iyong mga puna tungkol sa mga paghahamong iyon. Sinisiguro namin na ang mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS ay may kamalayan sa kanilang mga patuloy na obligasyon tungkol sa kaligtasan at pagpapatuloy ng mga suportang kanilang ibinibigay sa iyo, at ang kanilang tungkulin sa pagsuporta sa iyo na magamit ang pagbabakuna laban sa COVID-19. Nagsumikap din kami upang matiyak na mayroon kang impormasyon na kinakailangan mo upang makagawa mga pagpapasya na tama para sa iyo.

Sa pamamagitan ng mga pagkilos na ito at marami pang iba, patuloy kaming nakikipagtulungan sa mga taong may kapansanan upang turuan at iangat ang sektor ng mga may kapansanan, upang makatulong at makatiyak na lahat ng mga kalahok sa NDIS ay maaaring magamit ang mga ligtas at de-kalidad na serbisyo at suporta na nagtataguyod ng pagpili, kontrol at dignidad.

Salamat sa lahat na tumulong sa mahalagang gawaing ito, inaasahan naming higit pang makarinig mula sa inyo.

## Mga pagbabago sa NDIS Act (Batas ng NDIS)

Mga kamakailan lamang na pagbabago sa batas ng NDIS ay makakatulong sa pagpigil ng pinsala sa mga taong may kapansanan na pinakamapanganib, sa pamamagitan ng pinabuting mga kaayusan sa pagbabahagi ng impormasyon.

Ang *National Disability Insurance Scheme Act 2013* ay ang batas na nagtatag ng NDIS Commission (Komisyon ng NDIS) at nagtatakda ng aming mga pangunahing tungkulin at balangkas.

Noong ika-21 ng Octubre 2021, ipinasa ng Parlyamento ng Australya ang *National Disability Insurance Scheme Amendment (Improving Supports for At Risk Participants) Bill 2021*.

Ang Panukalang Batas ay gumagawa ng ilang mga pagbabago sa *National Disability Insurance Scheme Act 2013*.  Ang Batas ay nagpatupad ng mga pagbabago upang mapabuti ang mga nakalagay na proteksyon sa mga kalahok ng NDIS, kabilang ang ilang mga rekomendasyon sa independiyenteng pagsusuri sa mga pangyayaring may kaugnayan sa trahedya na pagkamatay ni Ann-Marie Smith (Robertson Review). Ang panukalang batas ay nagkabisa noong ika-29 ng Oktubre.

Kabilang sa mga pangunahing pagbabago ang:

- pagpapalawak ng mga kapangyarihan sa pagsunod at pagpapatupad ng NDIS Commissioner
- paglilinaw ng mga probisyon sa pagpaparehistro ng tagapagbigay
- pagbibigay-daan sa pakikibahagi ng impormasyon tungkol sa mga tagapagbigay at manggagawa sa pagitan ng NDIA at ng NDIS Commission
- pagbibigay-daan sa pagbubunyag ng protektadong impormasyon ng NDIS Commission sa mga kaugnay na katawan ng estado at teritoryo.

## Ibigay ang iyong palagay sa mga plano sa pagsasaayos ng mga regulasyon

Ang pagpapahusay sa kalidad at kaligtasan para sa mga kalahok at gumagamit ng suporta sa may kapansanan, pangangalaga sa matatanda at pangangalaga sa mga beterano ay ang layunin ng isang proyekto sa pagsasaayos ng regulasyon na isinasagawa.

Ang pagsasaayos ng regulasyon ay makakabawas din sa duplikasyon ng mga obligasyon sa mga tagapagbigay at gawing mas madali ang paglipat ng mga manggagawa sa iba't-ibang uri ng pangangalaga.

Ang mga tagapagbigay ng NDIS, mga manggagawa, kalahok at kanilang mga pamilya ay hinihimok na ibigay ang kanilang palagay sa isang pampublikong konsultasyon na isasagawa sa Disyembre.

Para sa karagdagang impormasyon at upang makakuha ng papel ng konsultasyon, kabilang ang isang Easy Read na bersyon, bisitahin ang health.gov.au. Upang irehistro ang iyong interes sa pagsali sa konsultasyon, bisitahin ang Consultation Hub ng Department of Health.

Ang proyektong ito sa reporma ay isa sa ilang isinasagawa sa mga sektor ng pangangalaga at pagsuporta, kabilang ang NDIS. Para sa karagdagang impormasyon sa mga nauugnay na reporma ng NDIS, bisitahin ang aming website.

## Code of Conduct ng NDIS – Respetuhin ang pagkapribado (privacy) ng mga taong may kapansanan

Ang bawat edisyon ng SAFEGuard ay nagbibigay pansin sa isang bahagi ng NDIS Code of Conduct – ang hanay ng mga alituntunin kung paano dapat kumilos ang iyong mga tagapagbigay at manggagawa habang sinusuportahan ka at ang mga bagay na kailangan nilang gawin upang masigurong ikaw ay ligtas.

Sa edisyong ito, kami ay magbibigay pansin sa ikalawang tuntunin, na kung saan ang iyong mga tagapagbigay at manggagawa ay dapat na **respetuhin ang pagkapribado ng mga taong may kapansanan.**

Ang pagkapribado ay isang karapatang pantao. Ang mga karapatang may kaugnayan sa pagkapribado ay itinakda sa Commonwealth Privacy Act 1988 (Batas ng Pagkapribado ng Komonwelt 1988) at mga batas sa pagkapribado ng Estado at Teritoryo.

May karapatan ka sa pagkapribado at ang mga manggagawa ay kinakailangang respetuhin at protektahan ang pagkapribado ng lahat ng mga taong may pagkakaugnay sa pagbibigay ng mga suporta at serbisyo ng NDIS.

Kabilang dito ang pagkapribado na may kaugnay sa pangongolekta, paggamit at pagsisiwalat ng personal na impormasyon kagaya ng iyong pangalan, tirahan, petsa ng kapanganakan at mga detalye tungkol sa iyong kalusugan o kapansanan. Kapag nangongolekta ng iyong personal na impormasyon, dapat ipaliwanag ng mga manggagawa:

- ang mga uri ng personal na impormasyon na kokolektahin at papanatilihin, kabilang ang naka-rekord na tunog at nakikitang materyales
- kung bakit ang impormasyong ito ay papanatilihin
- sino ang may access sa impormasyong ito
- kung paano nila titiyakin na ang impormasyon ay iingatang mabuti
- kung paano gagamitin ang impormasyong ito
- kung paano ma-access at baguhin ang imporamasyong hawak tungkol sa iyo
- kung paano gumawa ng reklamo kung sa tingin mo ay nilabag ng iyong tagapagbigay ng NDIS ang kanilang mga obligasyon sa pagkapribado.

Sa ilang mga kaso, may mga legal na obligasyon na maaaring ibig sabihin na kailangang ipamahagi ng isang manggagawa o tagapagbigay ang iyong personal na impormasyon. Maaaring kabilang dito ang sapilitang pangangailangan sa pag-uulat ng mga bagay sa proteksyon ng bata, at mga obligasyon na isumbong ang mga insidente ng karahasan, pagsasamantala, pagpapabaya at pang-aabuso, at sekswal na pang-aabuso sa NDIS Commission at pulisya.

Mahalagang malaman na ang pagrespeto sa pagkapribado ay higit pa sa isang maingat na pamamaraan sa paghawak ng personal na impormasyon. Ito ang pagbibigay ng serbisyo sa paraang nagpapanatili ng personal na dignidad. Kabilang dito ang:

- pagpapanatili sa pagiging kompidensiyal ng iyong personal na impormasyon
- pagpapaliwanag at paghiling ng pahintulot na magsagawa ng mga pamamaraan na kinasasangkutan ang pisikal na paghawak o ang panghihimasok ng pisikal na espasyo
- pagbibigay ng mga serbisyo upang maiwasan ang kahihiyan at kakulangan ng ginhawa tulad ng mga paggamit ng banyo o ang pagpapalit ng incontinence pad, sa isang napapanahong paraan
- pagsasaalang-alang ang mga pang-araw-araw na personal na pangangailangan ng pagkapribado katulad ng kakayahang maligo at magbihis sa isang pribado at komportableng espasyo.

Kung sa tingin mo ay hindi natutugunan itong mga patakaran ng isang tao, maaari kang magreklamo sa amin.

## Pagbabakuna laban sa COVID-19

Ang pagpapabakuna ay nakakatulong na maprotektahan ang iyong kalusugan, at ang kalusugan ng mga nasa paligid mo. Lahat ng mga kalahok ng NDIS na may edad 12 taong gulang at pataas ay karapat-dapat para sa bakuna laban sa COVID-19.

Naglathala ang aming Acting Commissioner ng isang pahayag sa aming website na nagbibigay-diin sa karapatan ng mga taong may kapansanan na gumawa ng sarili nilang desisyon tungkol sa pagbabakuna laban sa COVID-19, at ang tungkulin ng mga tagapagbigay at manggagawa ng NDIS sa pagsuporta sa mga kalahok ng NDIS na magkarooon ng pagbabakuna.

Lahat ng mga tagapagbigay at manggagawa ng NDIS ay masidhing hinihimok rin na mabakunahan. Karapatan mong humingi ng mga manggagawang nabakunahan kung iyon ang iyong kagustuhan.

Maaari kang makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng NDIS tungkol sa pagpapabakuna, o humingi sa kanila ng tulong upang gumawa o dumalo sa isang appointment upang mabakunahan.

Maaari ka ring makipag-usap sa iyong GP o doktor tungkol sa pagpapabakuna, magpunta sa COVID-19 Vaccine Clinic Finder ng Department of Health o makipag-ugnay sa National Coronavirus and COVID-19 Vaccination Helpline (Pambansang Linya ng Tulong sa Coronavirus at Pagbabakuna laban sa COVID-19) sa 1800 020 080.

**Kung nangangailangan ka ng tulong na magpalista ng isang pagbabakuna laban sa COVID-19 o nangangailangan ng libre, napatunayang impormasyon at payo tungkol sa COVID-19, magpunta sa Disability Gateway website o tumawag sa 1800 643 787. Ang linya ng telepono ng Disability Gateway ay matatawagan Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi, AEDT.**

Ang mga taong nangangailangan ng impormasyon sa isang wikang maliban sa Ingles ay maaaring tumawag sa Translating and Interpreting Service (Serbisyo sa Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete) sa 131 450, at hingin na ikonekta ka sa Disability Gateway.

Ang mga taong bingi o mayroong kapansanan sa pandinig o pagsasalita ay maaaring tumawag sa National Relay Service sa 1800 555 677 hingin na ikonekta sa Disability Gateway.

Karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabakuna ay makukuha rin sa website ng Department of Health, kabilang ang mga mapagkukunang Easy Read at Auslan.

## Paano makakuha ng iyong katibayan ng pagbabakuna laban sa COVID-19

Maaaring nangangailangn ka ng katibayan na nabigyan ka na ng iyong pagbabakuna laban sa COVID-19. Maaari kang kumuha ng isang COVID-19 digital certificate (digital na sertipiko ng COVID-19) o ang iyong immunisation history statement (ulat ng kasaysayan ng imunisasyon) upang ipakita ang katibayan ng iyong mga pagkabakuna.

Ang website ng Services Australia ay mayroong mga hanay ng impormasyon upang matulungan kang mag-set up ng iyong online account upang makakuha at maitabi ang iyong katibayan ng pagkabakuna.

Maaari ka ring tumawag sa Australian Immunisation Register sa **1800 653 809** at hingin sa kanila na ipadala ang iyong immunisation history statement o COVID-19 digital certificate sa iyo. Maaaring

magtagal ng 14 na araw bago makarating sa pamamagitan ng koreo ang iyong statement o certificate.

Maaari mo ring hingin sa iyong tagapagbigay ng NDIS na tulungan kang kumuha ng iyong katibayan ng pagkabakuna.

# Paano makipag-ugnay sa NDIS Commission

Maaari kang tumawag sa amin sa 1800 035 544. Ito ay isang libreng tawag mula sa mga landline. Ang aming contact centre ay bukas mula sa ika-9:00 ng umaga hangggang ika-5:00 ng hapon (ika-9.00 ng umaga hanggang ika-4.30 ng hapon sa NT) Lunes hanggang Biyernes, hindi kasama ang mga pampublikong piyesta opisyal.

Bilang kahalili, maaari kang mag-email sa contactcentre@ndiscommission.gov.au

## Mga paraan upang makagawa ng isang reklamo

Kung nais mong gumawa ng isang reklamo sa amin, maaari kang:

- **tumawag**: 1800 035 544 (libreng tawag mula sa mga landline) or TTY 133 677. Maaring makipag-ayos sa mga Tagapagsalin (Interpreter).
- **gamitin** ang National Relay Service at hilingin ang 1800 035 544.
- **kumpletuhin** ang isang online na complaint contact form.

## Sundan kami sa

**LinkedIn**: www.linkedin.com/company/ndiscommisson

**Facebook:** www.facebook.com/NDISCommission

## Mag-subscribe sa newsletter na ito

Kung may nagpasa sa iyo ang email na ito, ngunit mas gugustuhin mong ipadala namin ito sa iyo nang direkta sa hinaharap, maaari kang mag-subscribe sa pamamagitan ng pagpuno sa subscription form.